

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-14 ng Abril 2020

COVID-19: EXEMPTION PARA SA SINGIL SA SERBISYONG PANGKALUSUGAN

Kahapon ay sumang-ayon ang ExCo na ma-exempt ang diagnosis at gamutan ng suspetsa o kumpirmadong kaso ng COVID-19 mula sa umiiral na rehimen ng pagsingil, para matiyak na merong makukuhang benepisyo sa pampublikong pangkalusugan ang lahat ng nandito sa Falkland Islands, at para magkaroon ng kumpiyansa na maabot ang wastong abisong pangkalusugan at gamutan na may kinalaman sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring maaaring sumangguni sa *ExCo Paper 54/20 Covid-19: Exemption for Health Service Charging*.

BAGONG PAGLALAKBAY SA PAGITAN NG STANLEY AT MPC

Iniiimbihan ng KEMH ang lahat ng mga sibilyan na nakatira sa Stanley na nagkaroon ng rason na maglakbay sa pagitan ng Stanley at Mount Pleasant Complex sa loob ng nakaraang labing-apat (14) na araw, na tawagan ang ospital para magisagawa ang pagkuha ng COVID-19 swab bilang pagbabantay.

Pakitawagan ang KEMH reception sa numerong 28000 para gumawa ng appointment sa pagkuha ng inyong swab.

PAGPAPAKILALA NG PROSESO PARA SA MAHAHALAGANG PAGLALAKBAY

May inilagay na mga mahigpit na restriksyon ang BFSAI at sila ay nagtatrabaho ng mabuti para mabawasan ang mga paggalaw mula MPC papuntang Stanley; isinasagawa ito upang limitahan ang paglalakbay at ang mahahalagang paglalakbay lamang ang isinasagawa.

Siniyasat ng FIG ang mga options kasama ang pagpapakilala ng isang proseso para nang sa gayon, ang mahahalagang paglalakbay lamang ay ma-otorisa; susuportahan nito ang mga pagsisikap na nailagay na ng BFSAI.

Simula ngayong araw ay ipinakilala natin ang registration scheme, sa ilalim nito, ang lahat ng paglalakbay ay kinakailangang ma-apruba muna.

Inilaan ang scheme na ito upang mabawasan ang paglalakbay sa pagitan ng dalawang sentro ng populasyon at nang sa gayon ay mabawasan ang panganib ng COVID-19 sa kabuuan ng Falklands.

Ang mga pagbabantay ay magpapatuloy sa mga susunod na araw at mga linggo. Pakiusap na maglakbay lamang sa pagitan ng dalawang mga lokasyon kung talagang kinakailangan; hinihingi namin ang suporta ng publiko ukol dito.

Simumang maglalakbay mula sa MPC ay dapat na may dala-dalang written authorisation.

Ang mga tao na maglalakbay mula sa Camp ay maaaring patigilin, kung saan sila ay bibigyan ng payo sa social distancing.

Ang mga tao na gumagamit ng MPA road para sa mga rason tulad ng paglalakbay papunta at sa paligid ng Camp ay hindi kailangan na magparehistro.

Kaugnay sa mga katanungan patungkol sa proseso ng pagpaparehistro ay kailangang idaan sa inyong employer sa unang pagkakataon o sa pa.desis@sec.gov.fk.

Maaari mo rin makita ang form na ito sa fig.gov.fk/covid-19 webpage.

Ang mga payo patungkol sa lahat ng pagtugon ng Gobeyrno ng Falkland Islands sa pag-responde sa COVID-19 ay maaaring magbago. Manatiling nakatutok sa lahat ng susunod na mga pahayag mula sa Gobyerno sa lokal na media at sa pamamagitan ng FIG at Community Facebook pages, ang webpage na fig.gov.fk/covid-19 at iba pang mga channels.